Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY V NOONG IKA- 20 NG DISYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ........................................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ........................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 383-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGTATAKDA NG BAGONG PANUNTUNAN SA MGA MANLALARO AT NAGPAPALARO, UMUUPA AT NAGPAPAUPA NG MGA VIDEO MACHINES, ATARIS, HOME COMPUTERS, PLAY STATION, NETWORK GAMES AT MGA KAURI NITO SA MGA BAHAY KALAKALAN AT AMUSEMENT CENTERS SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ , LAGUNA AT NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG SA KAUTUSANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, sa nakaraang dalawang taon ay kapansin-pansin ang patuloy na pagdami ng mga "video machines" at mga kauri nito na pinauupahan sa mga "amusement centers" at mga gusaling pangkalakalan sa bayang ito;

*SAPAGKA'T*, karamihan sa mga naglilibang sa pamamagitan ng paggamit ng "video machines" at mga kauri nito ay mga "menor de edad", mga mag-aaral sa paaralang elementarya at mataas na paaralan:

*SAPAGKA'T*, sila'y mga kabataan na umaasa pa sa kani-kanilang mga magulang o pinakamagulang, kaya't maikakatuwiran na ang kanilang mga allowance ang siyang ibinabayad nila sa pag-upa ng mga "video machines" at mga kauri nito bilang kanilang libangan samantalang ito'y laang gugulin sa pag-aaral;

*SAPAGKA'T*, kahit hindi itinuturing na ang paglalaro ng mga "video machines" at mga kauri nito ay isang uri ng sugal, ang hindi magandang ibubunga nito sa mga kabataan ay hindi maaaring maipagwalang bahala;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa kagalingang pampamayanan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin at isabatas ang sumusunod na Kautusang Bayan, tulad ng:

*KAUTUSANG BAYAN BLG. 38-T'2000*

*KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA NG BAGONG PANUNTUNAN SA MGA MANLALARO AT NAGPAPALARO, UMUUPA AT NAGPAPAUPA NG MGA VIDEO MACHINES, ATARIS, HOME COMPUTERS, PLAY STATION, NETWORK GAMES AT MGA KAURI NITO SA MGA BAHAY KALAKALAN AT AMUSEMENT CENTERS SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG SA KAUTUSANG ITO.*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na nagkakalipon sa kapulungang ito na:

*SEKSYON 1* – Ipinagbabawal sa sinumang kabataan na wala pang labing walong (18) taong gulang na maglaro o gumamit ng "video machines" at mga kauri nito na pinauupahan sa mga bahay kalakalan at mga amusement centers sa nasasakupan ng bayan ng Santa Cruz, Laguna maliban kung;

a. sa oras na sarado ang paaralan at
b. sa mga araw ng Sabado, Linggo , mga araw ng pangilin (holidays) at mga araw ng bakasyon sa paaralan (non school days)
c. kung kasama ang magulang at tumatayong magulang

*SEKSYON 2* – Ipinagbabawal sa mga may-ari at namamahala ng mga bahay kalakalan at amusement centers na payagang makapaglaro o gumamit ng video machines at mga kauri nito na kanilang pinauupahan sa sinumang kabataan na wala pang labing walong (18) taong gulang sa mga oras na bukas ang mga paaralan (during school hours). Ang mga kabataang may labing walong taong gulang pataas ay kinakailangang magpakita ng kanilang katibayan ng paninirahan (Residence Certificate) bago payagang makapaglaro sa mga nabanggit na establisimyento.

*SEKSYON 3*- Ang katagang video machines na nababanggit sa Seksyon 1 at Seksyon 2 ng kautusang ito ay nangangahulugan na:

a. mga "video equipments" o "gadgets" na mga kagamitang iniuukol sa pangkaluwaan, paglilibang at paglalaro.
b. mga kagamitang panlibangan tulad ng "family home computers, ataris, play station computer network game at kauri ng mga ito.

*SEKSYON 4* – Ang katagang "School Hours" na nababanggit sa Seksyon 1 at 2 ng kautusang ito ay mangangahulugan ng panahong mula sa ika-7:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon ng mga araw na may pasok sa mga paaralan.

*SEKSYON 5* – Pagtatakda ng Oras ng Pagpapalaro para sa mga menor de edad (17 taong gulang pababa)

1. Itinatakda ang paglalaro ng mga video machines at mga kauri nito sa mga menor de edad (17 taong gulang pababa) mula sa ika-5:00 ng hapon hanggang ika-9:00 ng gabi.

*SEKSYON 6* - Ipinag-uutos ang pagpapaskel ng kautusang ito sa lahat ng mga bahay-kalakalan na nagpapalaro ng video games at mga kauri nito

*SEKSYON 7* – KAPARUSAHAN

a. Ang sinumang tao o mga tao na wala pa sa labing walong (18) taong gulang na napatunayang lumabag sa ipinag-uutos ng kautusang ito ay ilalagay sa pangangalaga ng Kagawaran ng Pulisya hangga't hindi napagbabisuhan ang kanilang magulang o patnubay at tagapatnubay upang siya o sila'y kaunin

b. Ang mga may-ari o namamahala ng mga bahay-kalakalan o "amusement centers" na nagpapalaro at nagpapaupa ng mga "video machines" at mga kauri nito na napatunayang lumabag sa kautusang ito ay papatawan ng kaparusahang tulad ng mga sumusunod:

(karugtong ng Kap. Blg. 383-T'2000)

b. 1 – *UNANG PAGLABAG* – papatawan ng multang hindi bababa sa LIMANDAANG PISO (P500.00) at hindi hihigit sa ISANG LIBONG PISO (P1,000.00) o pagkakulong ayon sa ihahatol ng hukuman.

b. 2.– *PANGALAWANG PAGLABAG* – papatawan ng multang hindi bababa sa ISANG LIBONG PISO (P1,000.00) at hindi hihigit sa ISANG LIBO LIMANDAANG PISO (P1,500.00) o pagkakulong ayon sa ihahatol ng hukuman.

b. 3. – *IKATLONG PAGLABAG* – babawiin at ipawawalang-bisa ang kanilang permiso at lisensya sa pagpapalaro at pagpapaupa ng "video machines at mga kauri nito at kukumpiskahin ang mga kagamitang ginagamit sa paglalaro ng video machines at mga kauri nito at maaaring tubusin sa halagang DALAWANG LIBO LIMANDAANG PISO (P2,500.00) .

*SEKSYON 8* – Ang anumang kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang bisa.

*SEKSYON 9* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito'y mapagtibay at maipaskel sa hayag na lugar sa loob ng 15 araw.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan / kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Hukom, Kagawaran ng Pulisya, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Mananangol, Sangguniang Barangay, mga may-ari o namamahala ng bahay kalakalan o amusement centers na nagpapaupa o nagpapalaro ng mga "video machines" at mga Punong Guro lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

KGG. EDGARDO T. PORCA
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

NAGPATUTOO: KGG. HEIDI S. CURIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan